**PINANINIWALAANG "unfair labor practise" ng isang malaking kumpanya sa Cavite ang motibo sa pagpatay sa vice chairman ng Partido ng Manggagawa (PM) sa Tanza, Cavite.**

Sa panayam kay Pat. Bernard Peligro, ng Tanza Municipal Police Station at imbestigador ng kaso, pinagbantaan na ang lider ng PM na huwag ng ituloy ang pagsasampa ng anumang kaso ang mga manggagwa laban sa isang kumpanya bago siya binaril at napatay habang nakikipagpulong sa manggagawa ng malaking kumpanya.

Tumanggi naman si Peligro na banggitin ang pangalan ng nasabing kumpanya.

Dagdag pa ni Peligro na naabisuhan na ang labor leader ng isang "emissary" ng isang malaking kumpanya na itigil na ni Leonides Sequia, 47, alias Ka Dennis, ang pagtulong sa kanilang manggagawa upang hindi na ituloy ng nasabing unyon ang pagsasampa ng kaso laban sa kanila.

Nabatid na may limang kaso pang kinakaharap umano ng nasabing malaking kumpanya na "unfair labor practice" na isinampa ng kanilang manggagawa na tinutulungan naman ng pinatay na lider ng PM.

Pinaniniwalaang isang "gun-for-hire" ang nasa likod ng pagpatay sa vice chairman ng Partido ng Manggagawa.

Isasailalim naman sa enhancement ang nakuhang CCTV sa lugar upang malinaw bang mamukhaan ang dalawang suspek na magkaangkas sa isang motorsiklo kung saan isa rito ay naka-helmet habang ang isa naman ay naka- sombrero.

Matatatandaan na binaril at napatay si Ka Dennis, vice chairman ng PM, Cavite Chapter at residente ng Workersville Subb. Brgy Bungs, Tanza, Cavite, dakong alas-11:30 ng umaga noong June 2 sa loob ng Day Care Center habang nakikipagpulong sa ilang manggagawa ng isang kumpanya.

Lumabas umano ito nang may tumawag sa kanya kung saan binaril siya ng malapitan ng suspek. **GENE ADSUARA**

# SPED student pinadroga, minolestiya ng 3 adik

Pinasakan pa ng bote ng ketchup at pinilit na pinadroga ng tatlong adik ang isang 17 anyos Special Education student (SPED) bago at pagkatapos pagsamantalahan noong Sabado ng gabi sa Tondo,Maynila.

Naaresto naman ang dalawa sa tatlong suspek matapos makilala ni Ana, di tunay na pangalan, sa Facebook ang isa sa mga ito.

Nasa kustodiya na ng Manila Police District -Police Station-1 na pinamumunuan ni P/LCol. Reynaldo Magdaluyo ang mga suspek na sina Manuel Saylo, 19, ng 408 Kagitingan St.; at Cesar Gabino, 30, ng 343 San Ramon Street, Tuazon, Tondo.

Habang tinutugis pa ng mga awtoridad ang isa pa nilang kasabwat na si Danny Pelayo, 25, residente ng Banaba Street, corner Masinop Street, Tondo.

Sa imbestigasyon ng pulisya, dakong alas 11 ng gabi ng Hunyo 1 nang isagawa ng mga suspek ang panggagahasa sa biktima sa 1337-D Balimbing Street, sa Tondo.

Bago ang insidente, bumili umano ang biktima kasama ang pinsan nito, sa isang sari-sari store nang lapitan umano sila ni Saylo at sinabihang 'Balik kayo ha.'

Hindi naman umano pinansin ng magpinsan ang ginawa ng lalaki at umuwi na ng bahay.

Lingid sa kanilang kaalaman ng pinsan ng biktima sinundan na pala ng suspek si Ana at isinama saka isinagawa ang panghahalay dito.

Kaagad naman nag report ang ina ni Ana nang malaman na nawawala ang biktima pero habang naghahanap nakita nila ang biktima na pauwi na ng bahay, pero tila pagod at tulala.

Sinabi nito sa ina nang tanungin na galing siya sa bahay ng kanyang kaklase.

Natuklasan lamang nila ang nangyari sa biktima nang magbukas ng Facebook account ang hipag niya at eksaktong lumabas ang mukha ni Saylo.

Sa puntong ito nagkuwento na ang biktima sa mga kababuyang ginawa sa kanya ng mga suspek at sinabing tinakot siya ng mga ito na papatayin kapag hindi sumunod sa gusto nila.

Ayon pa sa biktima, sinundan siya at dinala sa bahay doon na hinubaran siya tinanggalan ng bra at saka pinagsamantalahan.

Sa presinto, itinanggi naman ng mga suspek na ginahasa nila ang biktima at sinabing hinipuan lamang nila ito dala ng kanilang kalasingan.

Itinuro rin ng mga suspek si Pelayo na siyang 'gumalaw' sa biktima at matapos gahasain ay pinasukan pa umano nito ng bote ng ketchup ang kaselanan ng dalagita.

Ayon kay Magdaluyo, lumabas sa pagsusuri na positibong ginahasa ang biktima.

Sinampahan naman ng kasong rape in relation to child abuse ang mga suspek at pinag-aaralan na rin ang paghahain sa kanila ng kasong may kinalaman sa paggamit ng ilegal na droga.

Patuloy naman tinutugis ang nakakalaya pang suspek.**(Leonard Basilio)**

# 605 metriko tonelada, apektado ng fishkill sa Batangas

LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)- Umabot sa 605 metriko tonelada ang apektado ng nangyaring fishkill sa dalawang bayan na sakop ng Taal Lake noong ika-31 ng Mayo.

Ayon kay Department of Environment and Natural Resources (DENR) 4A Regional Executive Director Atty. Maria Paz Luna, may 121 fish cages mula sa Brgy. Buso-Buso at Gulod sa bayan ng Laurel at Brgy. Banyaga sa bayan ng Agoncillo ang naapektuhan sa pagbaba ng dissolved oxygen mula sa lawa.

"Nagsimula ang fishkill noong Mayo 27 kung saan may 10 fishcages pa lamang ang naapektuhan hanggang noong Mayo 30 kung saan lumutang ang mga tilapia na may 200 metriko tonelada at umabot ng 605 metriko tonelada noong biyernes, Mayo 31. Agaran din naman kaming nagsagawa ng executive committee meeting kasama ang mga kinatawan ng lokal na pamahalaan at Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR),"ani Luna.

Nagpalabas din ang BFAR ng patalastas ukol sa kalidad ng tubig sa Lawa ng Taal sa sunod-sunod na araw simula Mayo 31 hanggang Hunyo 1 kung saan nakasaad dito na nananatili ang mababang kalidad ng tubig sa mga apektadong lugar ng fishkill. Naitala ang mababang sukat ng dissolved oxygen sa mga sumusunod na lugar kabilang ang Brgy. Banaga at Bilibinwang sa Agoncillo, Brgy. Buso-Buso at Leviste sa Laurel, at Brgy. Sampaloc at Quiling sa bayan ng Talisay.

Kasunod nito, nagpaalala rin ang BFAR sa lahat ng fish cage operators na patuloy na paigtingin ang kanilang pagmamatyag sa alagang isda at mag-ani ng mga malalaking isda na maaari na sa merkado. Gayundin, gawin ang mga karampatang hakbang tulad ng paggamit ng oxygen tanks/aerators, pump at engine sets upang maiwasan pa ang pagkakaroon ng fish mortality o fish kill.

Ipinag-utos naman ng Protected Area Management Board (PAMB) Execom na kailangang tanggalin ang mga patay na isda sa mga fishcages sa loob ng 24 oras upang maiwasang makapagdulot ng kontaminasyon sa tubig.

Kaugnay nito, nanawagan si Luna na patuloy na tangkilikin ang mga natitirang tilapia dahil hindi umano makakaapekto sa suplay at presyo nito sa merkado ang nangyaring fish kill dahil maliit na porsiyento lamang ito sa kabuuang industriya ng pangisdaan.

Sa kasalukuyan patuloy na lamang ang ginagawang paglilinis ng mga fish cages na nagkaroon ng fishkill alinsabay ng patuloy na monitoring ng kalidad ng tubig sa Lawa ng Taal. (BHABY P. DE CASTRO, PIA Batangas)




## REAL GOLD, WAGI SA 2019 PHILTOBO "3YO GINTONG LAHI GRADUATE STAKES RACE"

Magandang diskarte ang ipinakita ng hineteng si Pao Guce sa sinakyan niyang kabayo na si Real Gold sa naganap na 2019 PHILTOBO "3YO Gintong Lahi Graduate Stakes Race" na idinaos sa pista ng San Lazaro sa Carmona, Cavite. Base sa naging takbuhan ay hinayaan muna ni Pao na paunahin sa puwestuhan ang mga kalaban nilang may angking tulin simula sa pagbukas ng aparato, habang siya'y umalalay ay inunti-unti naman niyang inasinta at inagapan na maipuwesto si Real Gold sa may gawing labas. Kaya nung makarating na sila sa pinakalabas ay inumpisahan nang galawan ni Pao ang kanyang sakay pagdating sa may medya milya (800 meters) at nagtuloy- tuloy naman sa pagresponde si kabayo hanggang sa walang anuman na nilagpasan ang kanilang mga kalaban. Pagpasok sa ultimo kuwarto (400 meters) ay naging mas mainit at umaapoy ang pagremate ni Real Gold kaya nakalapit at natabihan nila kaagad ang paboritong si My Shelltex ni Jesse palapit sa huling kurbada. Pagsungaw sa rektahan ay naagaw na sa labas nina Pao ang bandera sabay ektad sa labas hanggang sa tapusin ang laban ng may tatlong kabayong layo sa sorpresang pumangalawa na si Jayz ni John Alvin Guce, sabay dating naman sa pangatlo si Toy For The Bigboy ni Dan Camañero. Nakapagtala si Real Gold sa tampok na pakarerang iyan ng 1:40.2 (24'-25'-24'-27') para sa distansiyang 1,600 meters na takbuhan.

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

# CA RESUMES HEARINGS ON WRIT OF AMPARO PETITION

**MANILA — Sparks flew at the Court of Appeals (CA) Thursday during the hearing attended by state lawyers and counsels from a militant lawyers' group identified by the military as allegedly linked to the terrorist Communist Party of the Philippines.**

Marlon Bosantog, representing the government from the Office of the Solicitor General, started his cross-examination of the witnesses with assurances of the government's commitment to the rule of law and due process.

"No lawyer should be encumbered in the performance of their duty," said Bosantog appearing for the state as he questioned National Union of People's Lawyers (NUPL) president Edre Olalia's allegations and the legal standing of the left-leaning group to bring the suit.

Bosantog said that as a group, the NUPL is a juridical entity that cannot be the subject of physical harm.

Bosantog also underscored that the legal profession faces "inherent risks not exclusive to NUPL".

The exchange between Bosantog and Olalia became tense after Bosantog described the lawyer as having "split personality" and Olalia, in turn, accusing the government of "coverups" and "victim blaming".

Armed Forces of the Philippines (AFP) spokesperson, Brig. Gen. Edgard Arevalo, attended the hearing and formally informed the court that pressing commitments conflicted with the schedule of AFP Deputy Chief of Staff for Civil Military Operations, Major General Antonio Parlade Jr., thus preventing the latter from attending the hearing.

The Special 15th Division led by chairman, Associate Justice Stephen Cruz, with Associate Justices Pedro Corales and Hermano Legaspi as members, underscored that there was no need for President Rodrigo Duterte to attend even if he had been named as a nominal respondent.

"We are not requiring the presence of the President, that is clear," the magistrates clarified.

Assistant Solicitor General Angelita Villanueva-Miranda assured that the generals led by Parlade will be informed that their absence in the subsequent hearings will constitute a waiver to be present there.

The government was also asked to comment on the request for a temporary protection order sought by the parties. Aside from Olalia, also testifying was lawyer Zsarina Musngi.

The CA has set the next hearing on July 11.

The appellate court was tasked by the Supreme Court to conduct hearings on the petition and to submit its report to the high court.

The government, through the National Task Force to End Local Communist Insurgency, is working to uncover organizations used as legal fronts of the terrorist Communist Party of the Philippines-New People's Army (CPP-NPA).

The CPP-NPA is listed as a terrorist organization by the United States, the European Union, the United Kingdom, Australia, Canada, New Zealand, and the Philippines. ***(PNA)***

---

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 15, NAIC, CAVITE**

**NEW POINTE REALITY AND DEVELOPMENT CORPORATION,**
Mortgagee/Petitioner,

-versus-

**FNC-2019-28**
For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act 3135, as Amended by Act 4118

**KATHERINE R. BUGTAI married to NOEL C. BUGTAI,**
**Mortgagor/Respondent.**
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by **NEW POINTE REALITY AND DEVELOPMENT CORPORATION,** mortgagee/ petitioner, with office address at 104 Amorsolo Street, Legaspi Village, Makati City against **KATHERINE R. BUGTAI married to NOEL C. BUGTAI,** with postal address at **Blk. 26 Lot 40 Phase 2 Villa Apolonia, naic, Cavite/ 905 Cristobal Street, Paco Manila** to satisfy the mortgage indebtedness which as of **April 30, 2019** amounts to **NINE HUNDRED THOUSAND SIX HUNDRED THIRTY ONE PESOS AND 81/100 (Php 900,631.81)** Philippine currency, inclusive of interest, penalties and other charges, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **June 20, 2019 at 10:00 o'clock** in the morning or soon thereafter at the main entrance of the Office of the Ex-Officio Sheriff at the Hall of Justice formerly Mayor Macario B. Pena Memorial Hall, Naic, Cavite, to the highest bidder, for cash and in Philippine currency, the following described property with all the improvements existing thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-571386**

A parcel of land (Lot 40, Block. 26 of the consolidation subdivision plan PCS-04-010852 being a portion of the consolidation of Lots 1483, 1484 and 1469, naic Estate) situated in the Brgy. of Sabang, Mun. of Naic, Prov. of Cavite, Is. of Luzon. Bounded on the NW along line 1-2 by Lot 41; on the NE along line 2-3 by Lot 14; along line 3-4 by Lot 15; on the SE along line 4-5 by Lot 39, all of Blk. 26; & on the SW., along line 5-1 by Rd. Lot 11; all of the cons/ subd. plan. X X X Containing an area of **SIXTY ONE SQ. M. & SEVENTY FIVE SQ. DEC. (61.75) SQ. METERS.** X X X

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate for themselves, the title herein above-described and the encumbranches thereon, if any there be.

In case of absence of any participating bidder on the above-scheduled date, said auction sale will be reset and finally held on **June 27, 2019** at the same place and time above-mentioned.

Naic, Cavite, May 21, 2019.

(Sgd.) **MA. CAROLINA M. POTENTE**
Sheriff IV

**Copy Furnished:**
**NEW POINTE REALITY AND DEVELOPMENT CORPORATION**
104 Amorsolo Street, Legaspi Village, Makati City

**KATHERINE R. BUGTAI married to NOEL C. BUGTAI**
Blk. 26 Lot 40 Ph 2 Viila Apolonia, Naic Cavite/
905 Cristobal Street Paco Manila

**Publication: HANEP** June 3,10 and 17, 2019

---

# Villar to lead 121st Independence Day rites, activities lined up

**KAWIT, Cavite —** Senator Cynthia A. Villar will lead this year's Independence Day celebration at the General Emilio F. Aguinaldo Shrine in Barangay Kaingen here on June 12.

Organizers said the theme for this year's celebration is "Kalayaan 2019: Pagbabagong Ipinaglaban, Alay sa Masaganang Kinabukasan".

Villar is scheduled to simultaneously lead the wreath-laying ceremony at the tomb of the country's first president, Gen. Aguinaldo, located at the back of the mansion and flag-raising at the balcony at 8 a.m.

Aside from Villar, Cavite Governor and Cavite 7th District Congressman-elect Jesus Crispin 'Boying' Remulla and Kawit Mayor Angelo Emilio G. Aguinaldo, Cavite 1st District Representative Boy Blue Aguinaldo Abaya, and other descendants of Aguinaldo will be gracing the event marking the country's emancipation from foreign bondage.

A civic parade with marching bands joined by sectoral groups will start from Barangay Santa Isabel at 5:30 in the morning up to the alley fronting Aguinaldo Park.

A Trade and Job fair will also take place in the morning at the Freedom Park while cultural presentations and other historical activities are set at 4 p.m. at the Shrine. ***(PNA)***

# Gen Tri inaugurates new Fire Department building

**GENERAL TRIAS CITY, Cavite —** The local government of this town led by Mayor Antonio 'Ony' Ferrer turned over to officials of the Bureau of Fire Protection (BFP) on Monday (June 3) the newly constructed 2-storey Gen. Trias Fire Department Building at South Square, Pasong Kawayan II.

The more spacious facility will headquarter the 21 organic Fire Officers as well as 15 local firemen under the supervision of Fire Major Hazel Dela Cruz, Chief of GenTri BFP.

GenTri Fire Dept. now has three fire stations in the city, one in City Plaza, one in Manggahan and here in South Square, with three fire trucks on standby.

The new fire station has resting quarters for firemen, a fire truck garage and CCTV monitor control office.

"Dito po natin itinayo ang Fire Bureau kasama ng Local Disaster Office and DSWD center para po mas maluwag ang kanilang lugar lalo na sa panahon ng kalamidad. (We established the new Fire Bureau here right beside the local disaster office and DSWD so they will all have sufficient space to operate during times of calamity." Mayor Ferrer said. ***(PNA)***

# 100 e-trike units seen to boost Malolos City's tourism

**CITY OF MALOLOS, Bulacan —** At least 100 units of electric tricycles (e-trike) will soon be seen roaming around the city, particularly in the historical and heritage sites here.

Mayor Christian D. Natividad said on Monday the e-trikes were donated by the Department of Energy (DOE) and will be assigned to the Malolos City Tourism Office to boost the local tourism industry.

"The 100 e-trikes are currently parked at the Malolos Sports and Convention Center garage where it is individually under review or check-up and will be turned over to the Malolos City Tourism Office," Natividad told the media.

Direk Armando P. Sta. Ana, Malolos City tourism officer, said the e-trikes would provide convenience to tourists visiting the city's historical sites.

Sta. Ana said tourists who are dropped off at the century-old Barasoain Church can take e-trikes going to Casa Real, the Kamestisuhan District, houses of Kadalagahan ng Malolos, and the Cathedral-Basilica of Malolos.

Since 2011, the Malolos City Tourism Office has been offering a city's Heritage Tourism Package which includes 'Lakbay-History' from Barasoain to the different areas of Malolos.

The DOE turned over the 100 e-trikes on May 31 as part of the 3,000 e-trikes the national government has distributed to the different regions of the country under DOE's Market Transformation program funded by PHP1.7-billion loan agreement with Asian Development Bank.

It features a robust body and strong motor that can transport up to six passengers, including the driver at full load. ***(PNA)***




# CATRIONA GRAY: MAHIRAP MAGPASYA



**KALOKA** pero korek as in tama naman ang nakakatuwang pahayag ni 2018 Miss Universe Catriona Magnayon Gray.

Wika nga ni Catriona, kahit sa pagbibiyahe lamang ay mahirap magpasya.

May pinakamahirap daw na pagpapasya tuwing may pagbibiyahe.

Mahirap kasi hindi alam kung anu-ano ang mga bibitbitin o dadalhin.

Mahirap kasi hindi rin alam kung anu-ano ang mga maiiwan o hindi dadalhin.

True naman 'di po ba si Catriona, haler sige kayo malamang ay ganito rin ang nararamdaman o nagiging eksena kapag may pagbibiyahe.

Hawak mo na nga hayun ewan at nagdadalawang-isip ka kung bibitbitin ba o iiwan.

Ang masakit, may time 'di ba na dahil hindi mo nadala o nabitbit ay manghihinayang at magsisisi ka.

Kaya korek ka d'yan Catriona, agree kami na sa pagbibiyahe ay minsan mahirap magpasya.

May video shot pa nga si Catriona sa kanyang mga gamit o bagahe.

Iyon bang tipong naguguluhan ang beauty queen sa mga dadalhin niya.

Speaking of Miss Universe, sino kaya ang susunod na magiging kinatawan ng Pilipinas para sa naturang prestihisyosong patimpalak?

@@@

**PAGBATI KINA KATHRYN AT SARAH; MABUHAY PMPC**

Ipinaabot natin ang pagbati kina Kathryn Bernardo at Sarah Geronimo.

It's a tie, tabla ang dalawa bilang best actress ng katatapos na 35th Philippine Movie Press Club (PMPC) Star Awards for Movies na ginanap sa Pasay City.

Si Kathryn ay para sa kanyang pelikulang "The Hows of Us" at si Sarah ay sa Filipino adaptation ng Korean film na "Miss Granny."

Kinilala naman ng PMPC ang pagganap ni Ogie Alcasid sa "Kuya Wes" na self-produced movie ng singer/songwriter.

Nagpasalamat si Ogie sa kanyang maybahay na si Regine Velasquez at tatlong anak nito na unang naniwala sa kakayahan niya.

Ang 2018 Metro Manila Film Festival entry na Rainbow's Sunset ang napiling Movie of the Year.

Congrats sa lahat ng nagwagi, Mabuhay ang PMPC.

@@@

**PAKIKIRAMAY**

Ang ating pakikiramay sa pamilya o naulila ng beteranong komedyanteng si Gary Lising.

Ang komedyante ay binawian ng buhay sa edad na 78 nitong Mayo 31.

Sa pahayag Bugsy, nag-iisang anak ni Gary, natagpuang wala ng buhay ang kanyang ama sa condo unit nito.

Dagdag pa ng only son ni Gary, nitong mga nakaraang araw ay hindi na maayos ang kalagayan ng kalusugan ng ama niya.

Nagkaroon ng cardiac arrest si Gary noong 2009 at nasundan noong 2012.

At sa kanyang cardiac arrest noong 2012 ay kinailangan ni Gary na sumailalim sa angioplasty, hindi lang isang beses.

Naging tanyag na komedyante si Gary sa pamamagitan ng pagbibitiw ng mga "green jokes."

Hindi lamang komedyante o aktor si Gary bagkus ay isa ring mahusay na manunulat at marami siyang librong nalikha.






**(Ika-12 labas)**

**NAMALAYAN** na lamang ni Cecile na nasa naharapan na niya nakatayo si Bernie.

Parang tutuklawin ng ahas si Cecile na hindi halos kumikilos o gumagalaw.

Hindi rin halos humihinga si Cecile at pinagmamasdan lamang niya si Bernie.

"Maganda ka talaga auntie, nagsasabi ako ng totoo. Lalo na siguro ng kabataan mo."

Nagsasalita si Bernie na hinahagod ng tingin si Cecile, mula ulo hanggang paa.

"O sige na, tama na 'yan. Maganda na kung maganda, sabi mo eh."

"Ang mabuti pa ay magpahinga ka na, matulog ka na at bukas ay aalis tayo."

Minabuti na lamang ni Cecile na humakbang paatras at papalayo mula kay Bernie.

Kinakabahan din si Cecile sa kung ano pa ang susunod na magiging eksena.

Hindi rin kasi alam ni Cecile sa kanyang sarili kung natatakot nga ba siya.

O baka ang kabang nararamdaman ay kakaiba dahil hindi rin niya maipaliwanag.

"Basta sundin mo na lamang ako, matulog ka na at maaga nga tayo bukas."

Nagtatanong si Bernie kung saan ang magiging lakad nila kinabukasan pero hindi iyon sinagot ni Cecile.

"Ulitin ko auntie ha, 'di ako nagsisingulang. Maganda ka talaga."

Dahil hindi sinagot ang katanunga kaya muli ay nambola na lamang si Bernie.

"Tsup…tsup…tsup…"

**(Sundan)**




**(4)**

**HINDI** naman strikto o mahigpit sa kanilang magkakapatid ang magulang nila.

Isa lamang ang panuntunan na dapat ay nakapagtapos sila ng pag-aaral.

Pati sa mga happenings o barkadahan ay hindi rin tumututol ang kanilang magulang.

Kagaya ng ginawang graduation party ng mga magkakaeskuwela, may pahintulot iyon ng magulang ni Allan.

Hindi lang basta pahintulot dahil halos malaki ang naging kontribusyon ng magulang ni Allan sa handa.

Ang masakit nga lamang kay Allan ay graduation niya ng high school subalit hindi nakadalo ang magulang niya, si daddy o kahit si mommy.

Naiinggit siya sa ilang kaklase na naroon mismo sa graduation ang mga magulang ng mga ito.

"Mahalaga? Eh bakit, 'di mahalaga ang okasyon ko? Graduation ko 'yun ah."

Sa labis na pag-iisip at dahil nadadala ng kanyang emosyon ay bahagyang napasigaw si Allan.

"Bakit? Ano'ng problema mo Allan at bakit napasigaw ka ha?"

Kaagad namang lumapit ang isa sa mga kasambahay na nagsisilbi bilang yaya ni Allan.

"Wala po, 'wag ninyo akong intindihin. Kumain na po ba kayo? Hain na po kayo at para makakain."

Hindi lamang masabi ni Allan sa kasambahay na ang katwiran ng kanyang magulang ay mali.

Katwiran kasi sa kanya ng magulang ay nasabay daw kasi sa mahalagang lakad.

Wala man lang nagparaya kahit isa sa kanila, kahit man lamang si mommy o si daddy.

"Naku eh kumain na kami, ang mabuti ay ipaghahanda na kita ng makakain mo."

Pagkakain ay naligo na si Allan at pagkatapos ay gumagayak papaalis.

Bahagyang inayos ang kanyang bisekleta at sa isip ni Allan ay bahala na kung saan siya mapapadpad.

"Allan…Allan…"

**(Itutuloy)**

# PH Team Chess Kalahok sa Asian Continental Chess Championships

**NANGUNGUNA sila 1st Asia's Grandmasters (GMs) Eugene Torre, John Paul Gomez at Darwin Laylo kasama sina International Masters (IMs) Paulo Bersamina, Jan Emmanuel Garcia at Daniel Quizon upang lahukan ng bansa ang magaganap na Asian Continental Chess Championships (Open and Women's Championships) na sinimulan nuong Hunyo 7 hanggang 15, 2019 sa bansang Hongshigou Quesheng Bieyuan Hostel sa Xingtai, China.**

"It's going to be exciting, that's for sure," sabi ni Torre na nagsabing ang mga manlalaro na nagmula sa India, Kazakhstan, Vietnam, Iran, Malaysia, Singapore at host China ay nagkumpirma ng kanilang partisipasyon.

Ang top five (5) finishers sa Open side ay makakakuha ng slots sa World Chess Cup 2019 sa Setyembre 9 hanggang Oktubre 2, 2019 na gaganapin sa Khanty-Mansyisk, Russia kung saan ang top two ay awtomatikong makakausad sa Candidates Tournament na magsisilbing huling qualifying tournament sa susunod na World Championship sa 2020. Ang top woman naman ay didiretso sa Women's World Cup na kagaya ng men's World Cup.

May kabuuang US$75,000 ang nakataya kung saan ay US$11,000 ang maibubuls ang magkakampeon sa men's division habang US$7,000 ang maiuuwi ng mananalo sa women's side.

"It will be very tough playing against the top Asian players," ani pa Torre hinggil sa mga manlalaro na Chinese, Indian at Vietnamese woodpushers.

Ang iba pang Filipino entries ay sina Woman Grandmaster (WGM) Janelle Mae Frayna, Woman International Masters (WIMs) Kylene Joy Mordido, Bernadette Galas, Shania Mae Mendoza at Marie Antoinette San Diego.

Ang kampanya ng Filipino woodpushers ay suportado ng National Chess Federation of the Philippines sa magiting na pamumuno nina Chairman/President Surigao del Sur Rep.Prospero "Butch" Arreza Pichay Jr. at Secretary-General Cavite Rep. Abraham "Bambol" Ng Tolentino Jr., Philippine Sports Commission at ni Dasmarinas City mayor Elpidio "Pidi" Barzaga Jr. **(Marlon Bernardino)**

# Trinidad kampeon sa J&P Navigator Japan 9-Ball 2019 title

**WAGI** si Earl Vincent "Vicoy" Trinidad sa katunggali na kapwa Junior player Albert James Manas, 7-2, sa finals para maghari sa 2019 J&P Navigator Japan 9-Ball Cup Championships kamakailan na ginanap sa AMF-Puyat Bowling and Billiards Center, Superbowl, 3rd Level, Makati Cinema Square, Pasong Tamo sa Makati City.

Nanaig din ang 14-year-old Trinidad kontra kina Angelo Asuncion, 6-4, sa Round of 16; Jun Cornista, 6-4, sa quarterfinal; at Ding Ricohermoso, 6-2, sa semifinal.

Habang ang 12-year-old Manas ay nangibabaw naman kontra kina James Torres, 6-5, Jesse Gonzales, 6-1, at Randy Dela Cruz, 6-3, ayon sa pagkakasunod sa Games and Amusements Board (GAB) sanctioned tournamen na magkatuwang na iinorganisa nina long-time billiards patron sportsman/businessman Aristeo "Putch" Puyat at DMC Entertainment and Production management boss Jesse Gonzales Cambosa Sr.

Sa pakikipagtulungan ng Navigator Japan, Patrol Party-list, Wilde Blu, Makati Sports Bar, Gab Pigmentation, Puyat Sports, Volturi Custom Cases PH, Mr. Jun Cornista of Peri Cue, Philippines, Chili Juan, Mr. Nino Lopez, world renowned blogger Leslie "Anito Kid" Mapugay at ng Makati Pool Players Association - MAPPA sa gabay ni president Arvin Arceo.

Kabilang sa mga nakapasok sa top 16-circle ay sina 3rd place Randy Dela Cruz, 4th place Ding Ricohermoso, 5th place Vic Trinidad, 6th place Jesse Gonzales, 7th place Jun Cornista, 8th place Rico Carballo, 9th place Grace De Dios, 10th place Dave Rogel, 11th place James Torres, 12th place Rodel Adona, 13th place Angelo Asuncion, 14th place architect Eric "Teod" Salud, 15th place Aries Lapuz at 16th place John Fernandez.

Samantala ay tuloy na tuloy na si MAPPA bet George Castro, ang singing bilyarista sa kanyang solo launch sa Hunyo 16 na may temang A Tribute to you super dad na gaganapin sa Johnny B. Good Restaurant sa Ayala Center, Level 3, Glorietta 3 sa Makati City kasabay ng pagdaraos ng Father's day. **(Marlon Bernardino)**

# HANEP SPORTS

EDITOR: Mary Austine V. Nillama

Email Add: hanepsports2017@gmail.com

## Mga Talaan ng laro sa PBA Commissioners Cup

**Hunyo 12, 2019 Miyerkules - Araneta Coliseum**
4:30 p.m. NorthPort Batang Pier vs Magnolia Hotshots Pambansang Manok
7:00 p.m. Barangay Ginebra San Miguel vs TNT Ka Tropa

**Hunyo 14, 2019 Biyernes - Mall of Asia Arena**
4;30 p.m. San Miguel Beermen vs Blackwater Elite
7:00 p.m. Magnolia Hotshots Pambansang Manok vs NLEX Road Warriors

**Hunyo 15, 2019 Sabado – Araneta Coliseum**
4;30 p.m. TNT Ka Tropa vs Meralco Bolts
6;45 p.m. Alaska Aces vs Phoenix Pulse Fuelmasters

**Hunyo 16, 2019 Linggo – Araneta Coliseum**
4:30 p.m. Columbian Dyip vs Magnolia Hotshots Pambansang Manok
6:45 p.m. Barangay Ginebra San Miguel vs San Miguel Beer



PBA BLACKWATER VS GINEBRA - ISANG matinding pag basket ang pinakawalan ditto Blackwater rookie Bobby Ray Park Jr. ng di naman nagawang pigilan sa depensa ng katunggaling si Greg Slaughter ng Ginebra sa kasagsagan ng kanilang laro sa 2019 PBA Commissioner's Cup sa Araneta Coliseum (RGN)



**NEW WOMEN NATIONAL MASTER -** TINANGGAP mula kina Tournament Director GM Jayson Gonzales at Atty. Cliburn Anthony Orbe ni NU National University Grade 12 student Vic Glysen Derotas ang kanyang certificate bilang bagong titulo para sa National Women Master at ang Championship Trophy makaraang magkampeon ito sa katatapos na 2019 National Juniors Chess Championships & Girls Division sa Alphaland, Makati Place, Makati City. **(RGN)**



DR. JENNY MAYOR - Makikita sa larawan sina Dr. Jenny T. Mayor (PECA President ) at Engr. Antonio C. Balinas tangan ang Tropeo mula sa Scoop sa Kamayan para kay Rosendo Balinas bilang postomos award makaraang bumisita sa TOPS Usapang Sports sa NPC Intramuros. Manila upang ipaliwanag ang nakatakdang 2019 GM Atty. Rosendo Balinas Jr. PECA National Executive Grand Prix Chess Championships sa Alphaland, Makati Place, Makati City sa darating na Hunyo 22. (RGN)

# LASON SA DAGA INIHALO SA SOFTDRINKS, IPINAINOM NG KASAMBAHAY SA AMO

**NAGPAPAGALING ngayon sa ospital ang isang 38-anyos na truck driver nang lasunin ng kanilang beking katulong matapos itong uminom ng rat poison na inilagay sa bote ng soft drink sa Dasmarinas City, Cavite.**

Bagama't nasa maayos nang kalagayan, inoobserbahan pa rin sa Pagamutan ng Dasmarinas ang biktimang si Lyric Calzado, may-asawa, ng Block 19 Lot 2, Green Breeze 2, Brgy Langkaan 2 Dasmarinas City.

Nakakulong naman sa Dasmarinas City Custodial Center ang suspek na si Jonnie Amog, 22, isang Beki, tubong Marinduque at stay-in kasambahay sa tinutuluyan ng biktima.

Sa ulat ni Pat. Arthur Rejano, ng Dasmarinas City Police Station, na dakong alas-2:00 ng madaling araw nang dumating ang biktima sa kanilang bahay na uhaw na uhaw kaya binuksan niya ang kanilang refrigerator at nakita ang isang bote ng softdrinks at agad nitong tinungga.

Gayunman, agad itong nakaramdam ng kakaibang lasa sa nainum hanggang sa sumakit ang tiyan nito, nahilo hanggang sa nagsuka.

Bago isinugod sa ospital ang biktima ay nabigyan ito ng first aid at natuklasan din nito na ang kanilang katulong na naninilbihan ng ilang buwan pa lamang ang naglagay ng lason sa sofdrinks.

"Nagtanim daw ito ng galit (suspek) sa kanyang amo, tuwing pinapagalitan siya kaya naisipan niyang ihalo ang rat poison sa soft drinks at inilagay ito sa ref," ayon kay Rejano, imbestigador sa kaso.

Narekober sa loob ng bahay ang isang wala ng laman na sachet ng Zinc Phosphide o rat poison at bakas na inihalo ito sa bote ng softdrinks.

Gayunman, ipinagpapasalamat pa rin ng biktima na siya ang nakainum at hindi ang kanilang 7-anyos na pamangkin na kasama din nila sa bahay o ang kanyang misis.

Frustrated murder ang isinampang kaso laban sa suspek. **GENE ADSUARA**

# Motorsiklo, 'nagsirko' sa ilog

**NASAWI** ang isang 28-anyos na lalaki nang bumangga ang minamanehong motorsiklo sa kantong bahagi ng tulay at tumilapon diretso sa ilog sa Dasmarnas City, Cavite.

Namatay noon din ang biktimang si Ricky Lemera, ng Biclatan General Trias Cavite.

Sa ulat ni PSSgt Jesus Bae, ng Dasmarinas City Police Station, dakong ala-1:30 ng madaling araw nang naganap ang insidente kung saan binabagtas habang minamaneho ng biktima ang kanyang Honda motorcycle ang kahabaan ng Governor's Drive patungo sa direksiyon ng Gen. Trias City.

Gayunman, bago sumapit sa Bucal bridge nang dumiresto at bumangga ang motorsiklo nito sa kanto ng tulay dahilan upang tumilapon ito at dumiretso sa ilog na nagresulta sa kanyang agarang kamatayan.

Ayon kay Bae, hindi matiyak kung nakainum ang biktima habang nagmamaneho dahil nagamoy burak na ang katawn nito nang iahon sa ilog. **GENE ADSUARA**

# Senglot na tsuper, 'naperder'

**SUGATAN** ang tatlong katao, kabilang ang mag-asawa at nasira ang gate ng isang bahay at bahagi ng dalawang sasakyan nang araruhin ng isang lasing na jeepney driver sa Bacoor City, Cavite.

Isinugod sa Orthopedic Medical Center sina Marvin Palermo, 36; at asawa nitong si Joan, kapwa residente ng Brgy Molino 1 Bacoor City, dahil sa tinamong bali sa katawan habang sa South East Medical Center naman ginagamot si Jhonvic Cabocha, 21, ng Brgy San Nicolas 3, Bacoor City.

Nasira naman ang gate ng bahay ni Adora Taguinod, 50, ng 180 Brgy. Molino II, Bacoor City, habang sira rin ang ilang bahagi ng Euro Motor Rapido na motorsiklo ni King Apolinario Baccol, 24, ng Mangghahan, Brgy Molino 2 Bacoor City; isang Isuzu Sports Vehicle (DAL 1727) na minamaneho ni Aldrin Gavasan, ng Brgy San Nicolas 3, Bacoor City; at Toyota Vios (AIA 5207) na minamaneho ni Edlaine Jane Quiday, 32, ng Las Pinas City.

Naaresto at kasalukuyang nakakulong sa Bacooor City Custodial Center ang driver ng isang jeepney na may plakang DWE 732 na minamaneho ni Michael Camelon, 43, ng Summerpoint Subdivision Brgy. Pasong Buaya 2, Imus City, Cavite.

Sa ulat ni PSSgt Roy Vincent Reyes, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-9:00 ng gabi nang naganap ang insidente sa kahabaan ng Molino Road, kung saan sinakop ang Brgy Molino 1 hanggang Molino 2, Bacoor City, Cavite.

Binabagtas ng lahat ng sasakyan ang nasabing lugar nang araruhin ng minamanehong jitney ni Camelon kung saan una nitong natumbok ang Honda Beat na motorsiklong sinasakyan ng mag-asawang Palermo kasunod ang dalawang sasakyan at ang isa pang motor.

Dahil sa aksidente, nasagi rin nito ang tumatawid na si Cobacha at natumbok din nito ang gate ng bahay ni Taguinod.

Lumalabas na lasing ang driver ng jitney matapos na nagpositibo ito matapos dalhin sa St. Dominic Hospital para sa alcohol breath test.

Reckless Imprudence Resulting in Damage to Property and Physical Injuries, Abandonment of one's victim and Violation of RA 10586 ang kinakaharap na kaso ng driver ng jeepney. **GENE ADSUARA**

# Ginang, dinakma sa dinamita

**ARESTADO** ang isang 46-anyos na ginang na fish operator nang lusubin ang kanyang bodega kung saan nakuha ang 16 na botelya ng dinamita sa Rosario, Cavite.

Kasong paglabag sa Sec. 92 (b) ng RA 10654 (Possession of Explosives and Noxious or Poisonous substances for Illegal Fishing) ang isinampa laban kay Alma Brazuela, may live-in partner, ng Brgy Wawa 2, Rosario.


Sa ulat ni Pat. Lynard Pareja ng Rosario Municipal Police Station, nakatanggap ng tawag ang Rosario MPS hinggil sa umano'y grupo ng mga mangingisda ang nakatakdang pumalot at gumagamit ng homemade dynamite sa bodega ng suspek sa Brgy Wawa 2.

Dahil dito, agad na nagsagawa ng opeasyon ang Rosario MPS at 402th Maritime Police Cavite sa isang bodega na pag-aari ng suspek dakong alas-11:30 ng gabi kung saan nakuha sa suspek ang 16 na botelya ng homemade dynamite.

Ayon kay Pareja, inamin ng suspek na gumagamit sila ng dinamita sa kanilang pangingisda kung saan nakita sa loob ng kanyang bodega ang mga kawa na ginagamit na lutuan sa paggawa ng homemade dynamite. **GENE ADSUARA**



INIIMBENTARYO nina PSSG DE CASTRO at PAT. ACCAD ng Paranaque City Police, PCP - 5 sa pamunuan ni P/Major Benedicto Balagtas sa harapan ng barangay kagawad at media ang mga ebidensya na nakuha sa suspek na si IRENE CUENCO y Rivera Alyas IRENE (kanan) ang 8 pirasong heat sealed transparent plastic sachet containing white crystalline suspected shabu sa Barangay B. F. Homes, Paranaque City. (JIMMY HAO )




# Ang 'posteng' si Richard sa sugalan sa Rizal

**MUKHANG** lumalaki na ang ulo at tumataas na ang ihi ng isang nagngangalang Richard.

Itong si Richard ay nagsisilbing 'poste-poste' o bantay ng isang illegal gambling.

Ang pasugalan na binabantayan ni Richard ay nasa isang bayan ng Rizal.

Hindi muna binanggit mula sa mga nakarating na sumbong kung saang bayan o lugar sa naturang lalawigan ang sugalan.

Pati ang mismong operator o may-ari ng illegal gambling ay hindi pa rin tinukoy.

Ang maliwanag lamang sa reklamo ay mas nakakarami ang mga bata o menor de edad ang nalululong sa pinopostehang sugalan ni Richard.

Isa pa sa malinaw na sumbong ay malakas na raw ang kapit ni Richard sa kapulisan.

Ewan lang po natin, ang Rizal ay nasasakupan ng Regional Police Office ng Region 4-A o CALABARZON.

Ibig sabihin, kung malakas sa hepe ng pulis sa bayan na kinatatayuan ng sugalan ay 'bagyo' na rin si Richard sa tanggapan ng Regional Director ng RPO4-A?

Pati na rin siyempre sa tanggapan ng provincial director ng Rizal Provincial Police Office ay may 'boses' na si Richard?

Sa madaling salita ay nakakadiretso na si Richard sa kapulisan para mailatag ang binabantayan niyang pasugalan.

Kung hindi ba naman 'astig' na itong si Richard ay sukat na hindi na rin kinuha ang serbisyo ng tinaguriang 'Supremo' ng Rizal.

Tinatawanan na nga ni Richard ang iba pang 'poste-poste' na kagaya nina Willy, Rambo, Tess, Jeff, Arjay, Ron-Ron, Ricky, Noli, at iba pa dahil nilaktawan na niya si 'Supremo.'

Ang tanong, kung magkakabulilyasuhan ba ay hindi na nga kaya makikialam si 'Supremo' kay Richard?

Pagdapo ni Richard sa ibang bayan sa Rizal ay aalingawngaw ang buga ng kalibre upang tukuyin ang eksaktong lugar na bagong lalatagan niya ng sugalan.

Maging ang tumatayong amo o financier ni Richard sa sugalan ay ilalantad natin.

'Wag kayong mainip sa pagputok ng kalibre para sa kumpletong detalye.

Malalaman din kung napapayuko na nga niya ang kapulisan ng Rizal, iyan po kasi ang niyayabang ni Richard.

Magkakaalaman!